Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**Quezon City**
15th City Council

PR2003-249

Ika-Animnapu't Siyam na Karaniwang Pagpupulong

RESOLUSYON BILANG SP-2090, S-2003

RESOLUSYONG PAGPAPAABOT NG MAALAB NA PAGBATI SA PAGSAPIT NG IKA-WALUMPU'T SIYAM NA ANIBERSARYO NG IGLESIA NI CRISTO SA IKA-DALAWAMPU'T PITO NG HULYO, 2003, SA PANGUNGUNA NINA KGG. FELICIANO R. BELMONTE, JR., PUNONG LUNGSOD, KGG. HERBERT M. BAUTISTA, PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KASAMA ANG LAHAT NG KAANIB NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON.

---

Iminungkahi nina Kgg. MARY ANN L. SUSANO, VOLTAIRE GODOFREDO L. LIBAN III, RAMON P. MEDALLA, ERIC Z. MEDINA, ROMMEL R. ABESAMIS, ANTONIO E. INTON, JR., AIKO MELENDEZ, JUNIE MARIE L. CASTELO, JORGE L. BANAL, RESTITUTO B. MALAÑGEN, DIORELLA MARIA SOTTO-DE LEON, DANTE M. DE GUZMAN, ALMA F. MONTILLA, RICARDO R. DEL ROSARIO, WILMA AMORANTO-SARINO, VINCENT P. CRISOLOGO, VICTOR V. FERRER, JR., ELIZABETH A. DELARMENTE, BERNADETTE HERRERA-DY, ALLAN BUTCH T. FRANCISCO, JULIAN M. L. COSETENG, FRANZ S. PUMAREN, WENCEROM BENEDICT C. LAGUMBAY, JESUS MANUEL C. SUNTAY, JANET M. MALAYA at XYRUS L. LANOT.

---

SAPAGKAT, magugunita natin na natalikod ang unang mga kaanib ng Iglesia Ni Cristo, at matagal na panahon bago muling naitatag;

SAPAGKAT, pagkatapos ng unang digmaang pandaigdig, sa patnubay at pagpapala ng Panginoong Diyos sa kanyang sugo na si Kapatid Felix Y. Manalo, opisyal na naitala sa Pamahalaan ng Pilipinas ang Iglesia ni Cristo noong ika-27 ng Hulyo, 1914;

SAPAGKAT, mula sa pagkakatala ng Iglesia ni Cristo, ay nagsimula ang pangangaral ng mga salita ng Diyos sa pangunguna ni Kapatid Felix Y. Manalo;

SAPAGKAT, nakikita at batid ng lahat na dahil sa pagpapala at patnubay ng Panginoong Diyos ay matagumpay na naipapahayag ang mga banal na aral sa kaligtasan;

SAPAGKAT, sa nagdaang walumpu't siyam (89) na taon, hanggang sa ngayon, sa pamamahala ni Kapatid Eraño G. Manalo, nakikita natin ang mabilis na paglaganap ng Iglesia Ni Cristo, hindi lang dito sa ating bansa maging sa ibayong-dagat;

SAPAGKAT, dahil sa maka-Diyos, maka-Bayan, at maka-Taong pamamahala sa Iglesia Ni Cristo, ay karapat-dapat na handugan ng maalab na pagbati sa pagsapit nito sa kanyang ika-89 na anibersaryo.

NGAYON, SAMAKATUWID,

PAGTIBAYIN NAWA ITO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD QUEZON, ang pagpapaabot ng maalab na pagbati sa pagsapit ng ika-89 na Anibersaryo ng Iglesia Ni Cristo sa ika-27 ng Hulyo 2003, sa pangunguna nina Kgg. Feliciano R. Belmonte, Jr., Punong Lungsod, Kgg. Herbert M. Bautista, Pangalawang Punong Lungsod, kasama ang lahat ng kaanib ng Sangguniang Panlungsod ng Lungsod Quezon.

PAGTIBAYIN DIN, na itala ito sa opisyal na katitikan (Scroll) at ihandog sa Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo.

PINAGTIBAY: Ika-15 ng Hulyo, 2003.

HERBERT M. BAUTISTA
Pangalawang Punong Lungsod
Punong Tagapangasiwa

ATTESTED:

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PAGPAPATUNAY

*Ito ay nagpapatunay na ang Resolusyong ito ay pinagtibay sa Pangalawang Pagbasa noong ika-15 ng Hulyo, 2003, at kinumpirma ng Sangguniang Panlungsod ng mga sandali ring iyon sa ilalim ng Pagsuspinde sa Batas.*

EUGENIO V. JURILLA
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod